



Ni Kimverlyn C. Sayson, DOST-STII

"Lalago ka ba?" Tanong ni Dr. Balita na naging hamon sa mga manggagawang dumalo sa Annual Summit of Enterprising SETUP Clients and Opportunities para yakapin ang inobasyong hatid ng DOST. **(Teksto at larawan mula kay Kimverlyn C. Sayson, DOST-STII).**

Ang paglago ng negosyo ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahang taglay o diskarte ng mga tao sa likod nito. Higit itong uunlad kung sasamahan din ng kaalaman sa paggamit ng iba't ibang inobasyong produkto ng syensya at teknolohiya. Kaya naman, bilang bahagi ng pagdiriwang ng Department of Science and Technology (DOST) ng 2017 National Science and

Technology Week (NSTW), nagtulungan ang iba't ibang rehiyon para ipamahagi sa kanilang bayan ang naitulong ng siyensiya at teknolohiya sa kanilang negosyo.

Noong ika-21 ng Septyembre, naglunsad ng summit ang DOST-Region X kasama ang iba't ibang ahensya ng DOST sa The Atrium, LKKS Center sa lungsod ng Cagayan de Oro. Pinamagatang "Annual Summit of Enterprising SETUP Client and Opportunities", ang naturang okasyon ay nilahukan ng mga negosyante at mga taong nagnanais na pumasok sa negosyo mula sa iba't ibang panig ng rehiyon. Pinangunahan ni Dr. Carl E. Balita, isang multi-awarded entrepreneur, ang pagbibigay ng mensahe sa mga kalahok na inaasam ang tagumpay sa tulong ng inobasyon at Small Enterprise Technology Upgrading Program o mas kilala bilang SETUP ng DOST

Sinimulan ni Dr. Balita ang kaniyang mensahe sa pamamahagi ng ilang rason kung bakit hindi nagiging matagumpay ang

isang negosyo. Aniya, "We have doubts on innovations. (Masyado tayong nagdadalawang isip sa inobasyon)."

Kaya't agad niyang ibinihagi sa mga dumalo ang mga istorya ng mga indibidwal na naging matagumpay dahil sa tiwalang ibinigay nila sa DOST-SETUP.

Ibinahagi ni Dr. Balita sa mga manood ang kuwento ng isang nagbebenta ng suman na ngayo'y matagumpay na dahil sa SETUP, kung saan unang-una niyang pinasalamatan sa Diyos ay ang DOST dahil sa tulong nito na pataasin ang kalidad ng kanyang mga produkto.

Bilang patunay, matapos ang diskuro, iba't ibang SETUP Adoptors ang binigyang parangal na pinangunahan ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, Undersecretary Carol M. Yorobe, at DOST-X Regional Director Alfonso P. Alamban. Kabilang sa naparangalan ay si Neil Francis C. Rafisura, general manager ng Salay Handmade Product Industries Inc., ang itinanghal Best SETUP Adoptor.

Mga Nilalaman

40 iskolars, pinarangalan ng DOST Region VIII.....	p2
Lumber Dryer ng DOST-FPRDI, susi sa tagumpay.....	p3
Island's Best ng Eastern Samar, Best SETUP Adoptor ng Region VIII.....	p4
Larawanews.....	p4



Mga iskolar ng DOST. May 40 iskolar ng Department of Science and Technology sa Region VIII, Eastern Visayas, ang mga nagsipagtapos sa iba't-ibang kurso sa siyensya at teknolohiya ng may mga karangalan na binigyan ng katangi-tanging pagkilala ng DOST na pinangunahan ni Secretary Fortunato T. de la Peña (Nakatayo, pang-anim mula sa kanan) at DOST Region VIII Director Edgardo M. Esperancilla (Nakatayo, ikapito mula sa kanan) noong Setyembre 19, 2017 sa The Oriental Hotel sa Palo, Leyte. **(Teksto ni Rodolfo P. de Guzman/Larawan mula sa DOST Region VIII/S&T Media Service)**

40 iskolars, pinarangalan ng DOST Region VIII

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

Apatnapung iskolar ng siyensya at teknolohiya mula sa iba't ibang unibersidad sa Eastern Visayas ang binigyang parangal ng Department of Science and Technology (DOST) Region VIII bilang pagkilala sa kanilang kahusayan at anging talino. Ang mga mag-aaral ay nagtapos gamit ang scholarship grants mula sa DOST sa pakikipagtulungan sa Science Education Institute (SEI).

Pinangunahan ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña at DOST Region VIII Director Edgardo M. Esperancilla ang pagbibigay ng mga medalya at sertipiko ng pagkilala sa kahusayan sa pag-aaral sa okasyon na tinawag na "In Touch With Excellence Awards Night" na ginanap sa The Oriental Hotel, Palo, Leyte noong Setyembre 19, 2017. Ang parangal ay kaakibat ng pagdiriwang ng Regional Science and Technology Week 2017 sa Eastern Visayas.

Sa naturang pagdiriwang, nagbahagi ng kanyang karanasan at pasasalamat si Angelyn R. Magluyan na nagtapos sa Eastern Visayas State University-Ormoc Campus ng Bachelor of Science in Education-Biological Sciences, cum laude.

"Ang pagiging DOST scholar ko ay isang milagro dahil matutupad ko na ang pangarap ko na maging guro para makatulong sa ibang tao at nagpapasalamat ako sa DOST, mabuhay ang DOST," pahayag ni Angelyn.

Ayon kay Secretary de la Peña, ang pagiging iskolar ng DOST ay nagsisilbing

daan upang ang mag-aaral ay mabigyan nang mahusay na edukasyon sa siyensya at teknolohiya kung saan baw't bata ay nakakatulong maingat ang antas ng kabuhatan ng kaniyang pamilya.

Ang nasabing ito ng Kalihim ay sinangayunan ni Ginang Elena P. Diocton sa kanyang pagbabahagi ng karanasan nila ng kanyang anak na si Francis Diocton, nagtapos sa Visayas State University-Baybay, Leyte ng Bachelor of Science sa Agricultural Engineering, magna cum laude.

"Nagpapasalamat kami ng lubusan sa DOST dahil sa scholarship na nakatulong sa aking anak at sa aming pamilya, salamat talaga sa DOST at sana ay marami pa silang matulungan," wika ni Ginang Diocton.

Ang mga natatanging mag-aaral na karamihan ay nagtapos ng kursong edukasyon sa siyensya, ay pawang may mga natamong karangalan at pagkilala mula sa kanilang mga unibersidad. Sila ay nagtapos sa mga sumusunod na paaralan: Leyte Normal University-Tacloban; Samar State University-Catbalogan, Samar; Eastern Samar State University sa mga campus ng Salcedo, Ormoc, Tacloban, at Borongan; Southern Leyte State University-Tomas Oppus campus; University of Eastern Philippines-Catarman, Northern Samar; Naval State University-Biliran; Visayas State University sa mga campus ng Isabel, Alangalang at Baybay; at sa University of the Philippines-Tacloban.



Simbolo ng tagumpay. Sinabitan ng medalya at binigyan ng sertipiko ng katangi-tanging pagkilalala sa kagalingan si Francis P. Diocton (gitna) na nagtapos ng magna cum laude sa Agricultural Engineering mula sa Visayas State University sa Baybay, Leyte ni Department of Science and Technology Region VIII Director Edgardo M. Esperancilla (kanan) sa okasyong "In Touch with Excellence Awards Night". Ang parangal ay naganap noong Setyembre 19, 2017 sa The Oriental Hotel sa Palo, Leyte sa pagdiriwang ng Regional Science and Technology Week 2017 ng DOST Region VIII. **(Teksto ni Rodolfo P. de Guzman/Larawan mula sa DOST Region VIII/S&T Media Service)**

Lumber Dryer ng DOST-FPRDI, susi sa tagumpay

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Kinilala ng isang negosyante mula sa lalawigan ng Bohol ang mahalagang kontribusyon ng Department of Science and Technology (DOST) sa patuloy na paglago ng kanyang furniture manufacturing company.

Ayon kay Cirilio Sumampong, may-ari ng Bohol Furniture and Lumber Supply, naging susi sa pagpapalawak at pagpapataas ng kita ng kanyang negosyo ang furnace-type lumber dryer (FLTD) ng DOST-Forest Products Research and Development Institute (FPRDI).

Ang FLTD ay isang 'heating facility' na dinesenyo at dinebelop ng mga eksperto sa DOST-FPRDI upang gawing mas epektibo ang pagpapatuyo ng mga 'raw materials' na lumber na ginagamit sa paggawa ng iba't ibang uri ng furniture upang siguraduhin ang kalidad nito at hindi ito aamagin.

Pagbabahagi ni Sumampong, noong mga unang taon ng kanyang negosyo ay door jams at air-dried lumber lamang ang kanilang nagagawa, kung saan kumikita lamang sila ng Php1,500 kada buwan at maituturing na nagiging mabenta lamang ito tuwing sa pagitan ng buwan ng Setyembre at Disyembre.

Subalit nang magdesisyon sila na palakihin ang kanilang produksyon at negosyo noong taong 2012, nilapitan nila ang Bohol Provincial S & T Center upang magpatulong



Ang dining set na ito ay ilan lamang sa mga produktong ibinebenta ng Bohol Furniture and Lumber Supply. **(Teksto mula kay Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII/Larawan mula sa DOST-FPRDI).**

na makakuha ng 10,000 board feet na FLTD. Naisakatuparan nila ito noong sila ay mag-aplay at makakuha sila ng isang milyong pisong halaga mula sa Small Enterprises Technology Upgrading Program o SETUP ng DOST.

Taong 2014 nang simulan na nilang gamitin sa kanilang produksyon ang FLTD at nagresulta ito ng 2.5 milyon na kita mula sa isang beach resort owner. Pagbabahagi ni Sumampong, dahil sa maayos na pagtutuyo at inaasahang hindi na aamagin ang kanilang mga kahoy na ginagamit nila sa pagbuo ng kanilang mga produkto, nagkaroon na sila nang pagkakataon na makagawa ng iba pang mga materyales kagaya ng trusses, floor planks, at mga pintuan, gayundin ang ibang uri na mga furniture katulad ng upuan, kama, at mga mesa.

"From then on, life was never the same for us. Our product lines grew and because we knew that we were using quality materials, we gained confidence in dealing with our buyers. (Mula noon, nabago na ang buhay namin. Lumago ang produksyon namin at dahil alam naming de-kalidad ang ginagamit naming materyales, mas kampante kaming ibenta ang aming produkto sa mga kliyente natin.)," ni Sumampong.

Sa kasalukuyan ay bumbenta na nang umaabot sa 1.6 na milyon kada buwan ang Bohol Furniture and Lumber Supply.

Naniniwala si Sumampong na ang pagtaas ng kanilang kita at pagdami ng kliyente ay indikasyon na tumaas ang tiwala ng mga ito sa produktong ibinebenta nila.

"Karamihan sa aming mga kliyente ay alam ang kahalagahan ng epektibong proseso nang pagpapatuyo ng mga 'raw materials' na ginagamit sa paggawa ng mga furniture at alam nila ang teknolohiyang kagaya ng FLTD ay nakakatulong nang malaki upang maisagawa ito", paliwanag ni Sumampong.

(Impormasyon mula kay Rizalina K. Araral & Anita A. Decena, DOST-FPRDI).



Ipinapakita ng mga manggagagawa sa furniture shop ang ilan sa mga supply nila ng troso na sumailalim sa FLTD. **(Teksto mula kay Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII/Larawan mula sa DOST-FPRDI).**

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA

Managing Editor

JAMES B. INTIA

Layout Artist

ALLAN MAURO V. MARFAL

Proofreader and Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Island's Best ng Eastern Samar, Best SETUP Adoptor ng DOST Region VIII

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

Natamo ng Island's Best Food ang tamis ng tagumpay mula sa tamis ng produkto nilang calamansi juice galing ng Homonhon Island sa Guiuan, Eastern Samar nang tanghalin sila bilang Best SETUP Adoptor para sa taong 2017 ng Department of Science and Technology (DOST) Region VIII.

Ang parangal ay iginawad kay Ginang Rosario Amoroto, isang midwife at dating mangangalakal ng isda, dahil sa kanyang taglay na kaalaman, sipag at tiyaga sa pagtataguyod ng Island's Best Food.

Dahil sa tulong ng DOST Region VIII sa pamumuno ni Director Edgardo M. Esperancilla, nagawang palakihin ni Ginang Rosario ang munting negosyo nilang mag-asawa higit pa nang masalanta sila ng Bagyong Yolanda noong 2013.

Ayon kay Ginang Rosario, ang pagnenegosyo ay isang hamon at nagwikang, "Permanente ang pagsubok kaya hinay-hinay lang matapos ang Bagyong Yolanda pero ang DOST ay nagpautang sa amin para makabili ng kagamitan at ang DOST family ay grabe ang experience namin dahil sa moral support nila upang malampasan namin ang trahedyang at magkapagsimula muli."

Ngayon, ang negosyo ni Ginang Rosario ay patuloy na lumalaki dahil din sa mga pagsasanay o training sa food safety at good manufacturing practices na naibigay ng DOST. Sa tulong ng DOST Region VIII at SETUP, ang Island's Best Food ay nakakagawa na rin ng juice concentrate at calamansi jelly na mabibili na sa malalaking supermarket at pamilihan sa Eastern Visayas, Cebu at Kamaynilaan

Ang Island's Best Food ni Ginang Rosario Amoroto ay ginawaran ng parangal bilang Best SETUP Adoptor 2017 ay nagpoproseso ng mga calamansi concentrate na katangi-tanging produkto galing sa mga taniman sa Homonhon, Eastern Samar. **(Teksto at Larawan ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII).**



Calamansi juice mula sa Homonhon. Pinarangalan si Rosario Amoroto, may-ari ng Island's Best Food (Pangapat mula sa kaliwa) ng plake bilang pagkilala na Best SETUP Adoptor 2017 sa Region VIII ng Department of Science and Technology sa kanyang mga produktong calamansi juice, calamansi concentrate at calamansi jelly mula sa mga taniman ng calamansi sa Homonhon. Si Secretary Fortunato T. de la Peña (Pangatlo mula sa kaliwa) ang nanguna sa paggawad ng parangal kay Ginang Amoroto kasama sina DOST Region VIII Director Edgardo M. Esperancilla (Pangalawa mula sa kaliwa), DOST Provincial Science and Technology Center of Eastern Visayas Director Dr. Arnaldo Amosco Jr. (kaliwa) at mga ibang lokal na panauhin. **(Teksto at Larawan ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII).**



LarawaNEWS



Ipinagdiwang ng Philippine Association for the Advancement of Science and Technology (PhilAAST) ang kanilang ika-66 na annual convention noong Setyembre 19-20 sa Hotel Jen sa lungsod ng Pasay. Kalakip ang temang "Translating Research into Policy and Practice," ang programa ay pinangunahan ni Department of Science and Technology - Philippine Council for Health Research and Development Executive Director at PhilAAST President Dr. Jaime C. Montoya **(una mula sa kaliwa)**. Dinaluhan din ito ni Cavite Representative Francis Gerald A. Abaya **(gitna)** kung saan kanilang binigyang parangal ang mga sumusunod **(mula kaliwa)**: Dr. Trinidad P. Trinidad, nakakuha ng Gregorio Y. Zara Award (Basic Science Research), Dr. Maria Patricia V. Azanza (Applied Science Research), Dr. Rosario Angeles T. Alora, nakakuha ng Dr. Paulo C. Campos Award for Health Research, at Dr. Jose Lastimoso Bacusmo, nakakuha ng Leads Agri Award for Agricultural Research. **(Teksto mula kay Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII / Larawan mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)**